# Pangkat 1a: Ano ang kailangang malaman ng mga kasali ng NDIS na nasa tirahan ng mga may kapansanan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19

Nagsimula na sa Australya ang programang pagbabakuna laban sa COVID-19. Ang mga tao sa tirahan ng mga may kapansanan ay nasa pangkat 1a, at kabilang sa unang pangkat ng mga Australyano na maaaring makatanggap ng bakuna.

Ang pahina ng katutuhanan na ito ay base sa impormasyon mula sa Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaan ng Australya (Department of Health). Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa programa ng pagbabakuna, at ipinapaliwanag kung paano dapat maghanda ang iyong tagapagbigay (provider). Naglalaman din ito ng mga link sa mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa bakuna.

## Mga pangunahing puntos

- Ang mga tao sa mga tirahan ng mga may kapansanan (residential disability accommodation) ay kabilang sa unang pangkat ng mga Australyano na maaaring makatanggap ng bakuna.
- Mahalaga na malaman mo kung ano ang bakuna laban sa COVID-19 at kung para saan ito, pati na rin ang mga panganib at benepisyo.
- Dapat na makipag-usap sa iyo ang iyong tagapagbigay tungkol sa programang pagbabakuna, at nagsisimula nang magplano para dito.
- Ang Kagawaran ng Kalusugan ay bumuo ng isang webpage na may impormasyon para sa mga taong may kapansanan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, at isang hanay ng mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, kabilang sa Easy Read at Auslan.

## Ano ang bakuna laban sa COVID-19?

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay isang paraan upang maprotektahan ang mga taong may kapansanan, mga manggagawa at sa mas malawak na komunidad.

Lahat ng mga Australyano ay hinihimok na makakuha ng bakuna laban sa COVID-19, ngunit sa puntong ito, ito ay boluntaryo. Nangangahulugan na maaari kang magpasya kung tatanggapin mo ito o hindi.

Ang mga tao sa tirahan ng mga may kapansanan ay kabilang sa unang pangkat ng mga Australyano na inaalok sa bakuna.

**Pagsang-ayon na makatanggap ng bakuna**

Bago ka sumang-ayon na makuha ang bakuna, mahalagang maunawaan mo:

- kung ano ang bakuna laban sa COVID-19 at para saan ito
- ang mga benepisyo ng bakuna
- ang mga panganib ng bakuna.

Makipag-usap sa iyong pamilya tungkol sa bakuna at kung nais mong matanggap ito.

Kung mayroon kang mga katanungan, maaari kang makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa bakuna at kung ito ay nababagay para sa iyo. Maaaring gusto mo na isang miyembro ng iyong pamilya, o ng iyong tagapag-alaga o katiwala na samahan ka kapag nakikipag-usap ka sa doktor.

Sabihin sa iyong tagapagbigay kung kailangan mo ang kanilang tulong na makipag-ayos ng oras upang makausap ang iyong doktor tungkol sa bakuna.

**Paano kung ayaw kong mabakunahan?**

Kung pipiliin mong hindi mabakunahan laban sa COVID-19, o hindi mo pa nais na makatanggap nito, dapat na patuloy ang pagsuporta sa iyo ng iyong tagapagbigay at ng kanilang mga manggagawa sa mga serbisyong kailangan mo. Dapat nilang patuloy na gumamit ng mga ligtas na gawi (tulad ng paghuhugas ng kanilang mga kamay, pagsusuot ng PPE kung kinakailangan, at pagtugon sa mga kinakailangan ng social distancing) upang mabawasan ang panganib na mahawahan ka ng virus.

Maaari kang magreklamo sa Komisyon ng NDIS kung ang iyong tagapagbigay o ang isang manggagawa ay tumigil sa pagbibigay sa iyo ng mga suporta dahil ayaw mong makatanggap ng bakuna.

**Maaari ko bang hilingin sa aking mga manggagawang tagasuporta na mabakunahan?**

May karapatan kang pumili kung sino ang sumusuporta sa iyo. Ibig sabihin nito na maaari mong hilingin sa iyong tagapagbigay upang matiyak na ang mga manggagawa na sumusuporta sa iyo ay nabakunahan, kung iyon ang nais mo.

Kung nais mo lamang na suportahan ka ng mga manggagawa na nabakunahan, ngunit ang manggagawa na karaniwang sumusuporta sa iyo ay hindi nais na mabakunahan, maaari mong asahan ang iyong tagapagbigay na makipagpagtulungan sa iyo na makahanap ng ibang nababagay na manggagawa na susuporta sa iyo.

Sa ibang paraan, maaari mong hilingin sa sinumang mga manggagawa na hindi nakatanggap ng bakuna na gumawa ng iba pang mga hakbang upang matiyak na ang panganib ng impeksyon ay mananatiling maliit.

## Paano dapat maghanda ang iyong tagapagbigay para sa bakuna

Dapat mong asahan ang iyong tagapagbigay na:

- **gamitin ang iyong ginustong mga pamamaraan ng komunikasyon** upang talakayin ang programa sa pagbabakuna sa iyo
- himukin kang **makipag-usap sa iyong pamilya** tungkol sa kung nais mong makatanggap ng bakuna
- matulungan kang **makuha ang mga sagot sa anumang mga katanungan mo tungkol sa bakuna** upang maunawaan mo kung ano ang bakuna, at kung ano ang mga panganib at mga benepisyo sa pagtanggap nito bago ka sumang-ayon na tanggapin ito
- matulungan kang **maunawaan kung paano pinangangasiwaan ang mga panganib ng transmisyon ng COVID-19**, upang matulungan kang magpasya kung tatanggapin mo ang bakuna

- makipagtulungan sa ito upang maunawaan kung kakailanganin mo ng anumang suporta sa araw ng pagbabakuna (hal. kung nais mo na may taong tagasuporta sa iyo kapag nababakunahan) na mayroong isang taong sumusuporta sa kanila
- magsimulang **planuhin kung saan ibibigay ang mga bakuna**, at kung saan ka makapaghintay bago matanggap ang bakuna
- alam **kung paano nila mapapanatili ang mga kasanayang** sa araw ng pagbabakuna, kabilang ang paglayo ng pisikal, kalinisan sa kamay at paglilinis.

## Mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19

Ang Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health) ay bumuo ng isang Impormasyon para sa mga taong may kapansanan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 webpage, na sumasaklaw sa maraming mga katanungan na maaaring mayroon ka tungkol sa mga bakuna, kabilang ang kung kailan at kung saan ito makukuha. Ang webpage na ito ay palaging ina-update.

Inilathala rin ng website ng Kagawaran ng Kalusugan ng mga mapagkukunan ng impormasyon (kasama ang Easy Read at Auslan) tungkol sa mga bakuna. Itong mga mapagkukunan ng impormasyon ay nagpapaliwanag kung ano ang mga bakuna, kung paano maghanda para sa iyong pagpapabakuna, at kung ano ang aasahan pagkatapos na mabakunahan ka.

- Impormasyon tungkol sa bakunang COVID-19 Pfizer (Comirnaty)
- Paghahanda para sa pagpapabakuna laban sa COVID-19
- Pagkatapos ng iyong pagpapabakuna laban sa COVID-19
- Gabay sa desisyon ng pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga nagbubuntis, nagpapasuso, o nagpaplano ng pagbubuntis
- Pagsuporta sa mga taong may kapansanan sa intelektwal o pag-unlad upang ma-access ang pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng pandemyang COVID-19
- Impormasyon para sa mga katutubong Aboriginal at Torres Strait Islander tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19
- Porma ng pahintulot para sa pagbabakuna laban sa COVID-19
- Impormasyon tungkol sa bakuna sa ibang mga wika

**Madaling Mabasa (Easy Read)**

- Bakuna laban sa COVID-19 - Buod
- Ano ang bakuna laban sa COVID-19? Ito ba ay ligtas?
- Sino ang makakakuha ng bakuna?
- Saan ka makakakuha ng bakuna?
- Ang bakunang Pfizer
- Paghahanda para sa pagbabakuna
- Ano ang maaasahan kapag babakunahan ka na
- Pagbibigay ng iyong pahintulot
- Pagkatapos ng iyong pagbabakuna
- Iba pang impormasyon

**Mga video sa Auslan**

- Tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 ng Australya
- Paano gumagana ang mga bakuna laban sa COVID-19
- Pambansang Paglabas ng Bakuna Laban sa COVID-19
- Pag-abruba ng isang bakuna laban sa COVID-19
- Ang paggawa ng mga bakuna

## Disability Gateway

Maaari mong gamitin ang Disability Gateway para sa impormasyon at mga referral tungkol sa COVID-19. Maaari rin itong makakatulong sa iyong pamilya, mga tagapag-alaga at mga manggagawang tagasuporta.

Ang Disability Gateway ay libre, pribado at nasuri na totoo.

Maaari kang makipag-ugnay sa Disability Gateway sa pamamagitan ng:

- Telepono (libreng tawag): 1800 643 787
- Kung ikaw ay bingi, mahina ang pandinig, o mayroong isang kapansanan sa pagsasalita, maaari kang tumawag sa National Relay Service sa 133 677
- Para sa suporta sa ibang wika, gamitin ang libreng Translating and Interpreting Service (TIS National) sa pamamagitan ng pagtawag
    - sa Disability Gateway sa 1800 643 787 at humingi ng isang interpreter, o
    - TIS sa 131 450 at hilinging makakonekta sa Disability Gateway sa 1800 643 787.

Ang Disability Gateway ay magagamit sa Lunes hanggang Biyernes ika-8 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi (AEST). Hindi ito magagamit sa mga pambansang pista opisyal.

Kapag tinawagan mo ang Disability Gateway, kakausapin mo ang isang tao na:

- Makinig nang mabuti sa iyo.
- Gamitin ang kanilang mga koneksyon upang malaman ang mga bagay, suriin ang mga katotohanan, at makakuha ng impormasyon para sa iyo.
- Ilipat ka sa mga serbisyong makakatulong sa iyo.
- Ilipat ka sa isang tagapayo sa telepono para sa suportang emosyonal, kung iyon ay nais mo.
- Bigyan ka ng malinaw at madaling makuhang impormasyon.

## Makipag-ugnay sa amin

**Tumawag:** 1800 035 544 (libreng tawag mula sa mga landline). Ang aming contact centre ay bukas ika-9 ng umaga hanggang ika-4.30 ng hapon sa NT, 9.00 ng umaga hanggang 5.00 ng hapon sa lahat ng iba pang mga estado at teritoryo Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

**Email:** contactcentre@ndiscommission.gov.au

**Website:** www.ndiscommission.gov.au